BRAMPTON **Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Carbon Monoxide Awareness Week
# Nobyembre 1 - 7

BRAMPTON, ON (Oktubre 28, 2022) – Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Carbon Monoxide Awareness Week (Linggo ng Kamalayan sa Carbon Monoxide) mula Nobyembre 1 hanggang 7. Ang Carbon Monoxide Awareness Week ay nakatuon sa pagbibigay kaalaman sa komunidad tungkol sa carbon monoxide, ang walay amoy, walang lasa na hindi nakikitang gas na may potensyal na magdudulot ng malaking pinsala. Ang tema ng taon na ito ay “Ang hindi mo nakikita, naaamoy o nalalasahan ay MAKAKAPATAY sa iyo!”, at inuulit ang kahalagahan ng gumaganang mga alarm ng carbon monoxide.

Pinapaalalahanan ng Brampton Fire and Emergency Services ang mga residente na ang gumaganang mga alarm ng carbon monoxide ay makakapagligtas ng iyong buhay. Mga importanteng tip na tatandaan:

- Mag-install ng gumaganang mga alarm ng carbon monoxide sa tapat ng LAHAT ng tulugan na bahagi.
- Subukan buwan-buwan ang mga alarm. Isaalang-alang ang paggamit ng mga alarm na may worry-free na 10-taon ang buhay na lithium battery.
- Planuhin ang pagtakas mula sa bahay at praktisin ito dalawang beses sa isang taon.
- Huwag na huwag painitin ang isang sasakyan o iwanan ang isang sasakyan na walang ginagawa sa isang garahe.
- Huwag na huwag magluto ng barbekyu o gumamit ng mga propane cooker sa loob ng bahay o garahe.
- Huwag na huwag gumamit ng mga propane heater sa loob ng bahay o garahe.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Carbon Monoxide Awareness Week at pagpaplano tungkol sa pagtakas mula sa bahay, pakibisita ang:

- Carbon Monoxide Awareness Week
- Plano sa Pagtakas Mula sa Bahay
- Plano sa Pagtakas Mula sa Bahay (maramihang wika)

**Mga Quote**

"Sa Carbon Monoxide Awareness Week na ito, hinihikayat ko ang bawat isa na magpa-install ng mga alarm ng carbon monoxide sa kanilang mga bahay at magkaroon ng plano sa pagtakas mula sa bahay; ang mahalagang mga aksyon na ito ay nakakaambag sa pagiging isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod ng Brampton. Ang carbon monoxide ay isang tahimik na killer. Ang patuloy na edukasyon at kaalaman ng kaligtasan at pag-iwas ay makakatulong sa ating mga residente na ligtas at magligtas ng mga buhay."
*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Nagsisimula sa iyo ang kaligtasan! Hinihikayat namin ang lahat ng residente na matuto tungkol sa mga panganib ng carbon monoxide at gagawin ang lahat ng kinailangang mga hakbang para mapanatili kang ligtas at ang iyong pamilya sa bahay. Gawin ang iyong plano sa pagtakas mula sa bahay at siguraduhin na naka-install at regular na sinusuri ang mga alarm ng carbon monoxide."
*- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Ang Carbon Monoxide Awareness Week ay nagbibigay ng mahalagang oportunidad sa edukasyon para sa ating komunidad tungkol sa mga panganib ng gas na ito at kung paano maiwasan ang pagkalason sa carbon monoxide sa inyong bahay. Bawat bahay na may mga appliance na nagsusunog ng fuel at/o naka-attach sa isang garahe ay nangangailangan ng gumaganang alarm ng carbon monoxide sa tapat ng lahat ng tulugang mga lugar. Pakisiguraduhin na subukan buwan-buwan ang mga alarm ng carbon monoxide at palitan ang mga battery kahit isang beses bawat taon. Bukod pa, ang mga pamilya ay kailangang may plano sa pagtakas mula sa bahay at praktisin ito dalawang beses bawat taon."
*- Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca